

## Pag-aalaga sa Sarili ng LRI

Ang pagpapakahulugan ng serbisyo at mga limitasyon na nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga detalye at kinakailangan. Para sa mga pamantayan ng serbisyo, mga limitasyon, uri at kwalipikasyon ng tagapagbigay, at impormasyon tungkol sa pagbabayad, sumangguni sa naaangkop na Medicaid HCBS DD Waiver.

### Pagkakaroon ng Waiver

Waiver ng Suporta sa Pamilya (FSW).

Waiver para sa Serbisyong Pang-araw ng mga Nasa Hustong Gulang na may

Kapansanang Pangkaunlaran (DDAD Waiver)

Komprehensibong Waiver para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (CDD)

### Mga Code ng Serbisyo ng NFOCUS

**Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ng DD - Agency 8317**

**Pag-aalaga sa Sarili ng LRI – Independyente 3593**

### Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang LRI (Legal na Responsableng Tao) Pag-aalaga sa Sarili ay isang serbisyo sa ilalim ng HCBS Waiver para sa mga Matatanda at Nasa Hustong Gulang at Mga bata na may Kapansanan (AD), na nagbibigay ng kinakailangang tulong sa Pang-araw-araw na Gawain (ADLs), mga gawaing may kaugnayan sa kalusugan, o Mga Katulong sa Pang-araw-araw na Gawain o (IADLs) na ibinibigay sa tahanan ng kalahok at iba pang mga lugar sa komunidad. Nag-aalok ang LRI Personal Care ng iba't ibang uri ng tulong upang matulungan ang mga kalahok sa waiver na maisagawa ang mga gawaing karaniwang magagawa ng isang tao para sa sarili kung wala siyang kapansanan. Ang serbisyong ito ay maaari lamang pahintulutan kung ang kalahok ay nakakatugon sa mga kahulugan ng Hindi Pangkaraniwang Pangangalaga ayon sa estado ng Nebraska gamit ang Hindi Pangkaraniwang Pangangalaga na Instrumento (DD-26). Tanging ang mga kategorya ng pangangailangang kwalipikado na natukoy sa Extraordinary Care Instrument lamang ang isasama sa pagkalkula ng awtorisasyon.

Ang Hindi Pangkaraniwang Pangangalaga ay ipinakahulugan bilang aktwal na pagtulong sa mga ADLs at IADLs na lumampas sa hanay ng mga gawain na karaniwang ginagawa ng isang magulang o asawa sa tahanan para sa isang tao na walang kapansanan o malalang karamdaman na may parehong edad.

### Mga Kondisyon ng Pagkakaloob

- A. Ang pagtukoy sa pangangailangan para sa bawat gawaing sakop ng Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay dapat nakabatay sa mga resulta sa pagtatasa ng Hindi Pangkaraniwang Pangangalaga at isinasama sa planong nakasentro sa tao o person-centered plan (PCP).
- B. Tanging ang mga pangangailangan na nakakatugon sa kahulugan ng Hindi Pangkaraniwang Pangangalaga lamang ang maaaring pahintulutan.
- C. Hindi maaaring maningil ang mga tagapag-alaga ng Pag-aalaga sa Sarili ng LRI para magbigay ng serbisyo sa higit sa isang kalahok nang sabay.
- D. Ang mga Serbisyo sa Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay hindi maaaring lumampas sa 40 oras bawat linggo. Kung ang indibidwal ay tinatasa sa higit sa 40 oras bawat linggo, 40 oras lamang ang papahintulutan sa lahat ng mga tagapagbigay ng LRI.
- E. Maaaring tasahin ang kalahok para sa tulong sa isa o higit pang mga larangan na nakasaad sa Appendix I, na may mga limitasyon sa edad para sa ilang mga pangangailangan.
- F. Ang Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay hindi maaaring pamahalaan ng kalahok mismo.

## Kategorya ng Pangangailangan

- A. Ang mga kahulugan ng mga tungkulin sa Kagamitan para sa Natatanging Pangangalaga ay makikita sa Appendix I ng dokumentong ito.
- B. Ang tulong na ibinigay ay direktang tulong kung saan ang tagapagbigay ay siya mismo ang gumagawa ng gawain para sa tao.
- C. Ang mga serbisyo ay ibinigay paminsan-minsan o tuwing kinakailangan lamang.
- D. Ang Pangangalaga sa Sarili ng LRI ay ibinigay sa kalahok sa paraang naipapanatili hangga't maaari ang sariling kakayahan at pagkapribado.
- E. Hindi bababa sa isang beses bawat buwan, sinusubaybayan ng Tagapag-ugnay ng Serbisyo at ng kalahok ang PCP ng kalahok, kabilang ang pagsusuri sa paggamit o hindi paggamit ng mga serbisyo ng waiver.
- F. Ang isang kalahok ay hindi maaaring pahintulutan na makatanggap ng serbisyong ito sa mga oras na sumasabay sa Pangangalaga sa Sarili, Companion, Adult Day, Pansamantalang Pahinga, Karagdagang Pangangalaga para sa mga Batang may Kapansanan, Paglinang ng mga Kasanayang Pangkasinan, o Mga Serbisyo ng Transportasyon na Hindi Pang-medikal.

## Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

*Ang impormasyong nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga kinakailangan para sa tagapagbigay. Ito ay nilalayong maging pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay ng partikular na serbisyong DD na ito.*

- A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:
  - 1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
  - 2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na Titulo ng Nebraska Administrative Code at mga Batas ng Estado ng Nebraska.
  - 3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan sa Tagapagbigay ng Serbisyo ng Dibisyon ng Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
  - 4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pangtao kapag hinihingi; at
  - 5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.
- B. Ang Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay hindi maaaring pamahalaan ng kalahok mismo.
- C. Ang mga tagapagbigay ng Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay dapat mga Legal na Responsableng Tao o Legally Responsible Individual (LRI) ng kalahok.
- D. Ang LRI Personal Care ay kinakailangang:
  - 1. Magkaroon ng gumaganang electronic visit verification (EVV) system na nagpapahintulot ng electronic na pag-check-in at pag-check-out sa mga appointment ng serbisyo; at
  - 2. Magkaroon ng sapat na kaalaman sa paggamit ng computer at teknolohiya upang magamit ang itinakdang case management system ng estado.

## Mga singil

- A. Dapat mapabilang ang Pangangalaga sa Sarili ng LRI sa loob ng taunang indibidwal na budget ng kalahok.
- B. Ang bayad para sa Pangangalaga sa Sarili ng LRI ay nakabase sa bawat oras ng serbisyo.
- C. Ang gastos sa transportasyon ay hindi kasama sa bayad para sa serbisyong ito.
- D. Ang mga singil ng DD ay nakalista sa [tagapagbigay na webpage ng DD](#).
  - 1. Isa lamang na iskedyul ng bayad ang mabisa sa isang pagkakataon.
  - 2. Ang petsa ng pagsisimula ay nakasaad sa bawat iskedyul; kapag hindi na balido ang isang iskedyul ng singil, inilalagay ang petsa ng pagtatapos.

<b>MGA KAHULUGAN</b>	
<b>Pagpihit/Pagpoposisyon</b>	<b>Pag-aayos</b>
Ang pagpihit o pagbabago ng posisyon ng katawan ng kalahok sa isang kama o upuan para maiwasan ang mga sugat sa presyon, mapaayos ang paggana ng katawan, at maibsan ang hirap.	Paggamit ng mga clipper upang putulin ang mga kuko ng kamay at paa, pagsusuklay o pag-aayos ng buhok, pag-ahit, paghuhugas at pagpapatuyo ng mga kamay at mukha, at pag-aalaga ng bibig o ngipin. Hindi kasama sa gawaing ito ang anumang gawain sa pag-aayos na nakumpleto habang naliligo.
<b>Tulong sa Paglilipat</b>	<b>Pagpunta sa Palikuran</b>
Kinakailangan ang pisikal na tulong mula sa kahit isang tao upang ilipat ang kalahok sa pagitan ng mga ibabaw Kasama sa mga halimbawa ang paglipat ng kalahok sa kanilang wheelchair, pang-angat, pangpatayo, o sa loob at labas ng mga sasakyan. Hindi kasama sa gawaing ito ang paglilipat sa at mula sa inidoro, at ang pagpasok at paglabas sa banyo o shower.	Paggawa ng lahat ng kailangang hakbang sa pamamahala ng pagdumi o pag-ihi kapag kinakailangan, kabilang ang paggamit ng bedpan, pangangalaga sa regla ng babae, paglilinis at pag-aalaga sa balat, at pagpapalit ng mga brief. Kasama sa gawain na ito ang paglilipat sa loob at labas ng banyo, at pag-aalaga sa ostomy at catheter.
<b>Paliligo</b>	<b>Paghahanda ng pagkain</b>
Pagsasagawa ng lahat ng kinakailangang hakbang upang linisin ang katawan ng kalahok sa paliligo gamit ang shower, bathtub, o bed bath, ayon sa pangangailangan ng kanilang katawan upang mapanatili ang kanilang kalusugan at kaligtasan. Ang gawaing ito ay kinabibilangan ng paglilipat sa pagpasok at paglabas ng paliguan o shower.	Ang pagkumpleto ng mga gawain ng pagbabago sa pagkain sa pamamagitan ng pagpapalapot ng mga likido, paghihiwa, paggiling, pagdurog, o paghahalo upang makamit ang isang malambot, madaling kainin na lapot o tekstura. Hindi kasama sa gawaing ito ang anumang paghahanda ng pagkain na hindi partikular na may kinalaman sa pangangailangan ng kalahok at ang buong paghahanda ng pagkain para sa kalahok.
<b>Pagdadamit</b>	<b>Tulong sa Medikal na Pagpapakain</b>
Ang pagsasagawa ng lahat ng hakbang na kinakailangan para pisikal na magsuot at maghubad ng mga damit at sapatos, kabilang ang hose na TED. Kasama rito ang paggamit ng mga zipper, butones, snaps, tali ng sapatos, Velcro, o iba pang paraan upang maayos na maisuot ang damit sa katawan ng kalahok. Hindi kasama sa gawain na ito ang lahat ng aspeto ng personal na pag-aayos.	Ang kalahok ay nangangailangan ng pagpapasigla sa bibig, pag-aayos ng panga, pagpapakain gamit ang tubo, o pagpapakain na mano-mano ng ibang tao. Ang pagpapakain gamit ang tubo ay kinabibilangan ng pagbibigay ng likido o nutrisyon sa pamamagitan ng G/J-Tube.
<b>Pangangalagang Respiratory/Pulmonaryo</b>	<b>Pangangasiwa ng Medikasyon – Tanging para sa Asawang LRI</b>
Ang kalahok ay nangangailangan ng pagsipsip, pag-aalaga sa bentilasyon, pangangalaga sa tracheostomy (trach care), o pagbibigay ng oxygen.	Pagsasagawa ng lahat ng hakbang na kinakailangan para ligtas na maibigay ang mga reseta o over-the-counter na gamot ayon sa tagubilin ng tagapagreseta o tagapagbigay ng serbisyong medikal Kasama sa mga hakbang ang: pagbili ng gamot ayon sa reseta, pagtiyak sa tamang dami, uri, at dosis ng gamot ang natanggap mula sa botika; pag-uulat ng anumang alalahanin tungkol sa mga natanggap na gamot o masamang reaksiyon sa gamot; pagbibigay ng tamang dami, uri, at dosis ng gamot; o pag-access sa mga lalagyan ng gamot. Kasama rin dito ang pagbibigay ng gamot sa iba't ibang paraan, depende sa pangangailangan ng kalahok, tulad ng pagbibigay ng gamot sa pamamagitan ng G/J-Tube, pamomba, intravenous injection, paglanghap, paggiling ng gamot at paghahalo sa pagkain o inumin, o pagbibigay ng likidong gamot.

<b>Pagkuha ng Serbisyo sa Transportasyon – Tanging para sa Asawang LRI</b>	<b>Kumonikasyon – Tanging para sa Asawang LRI</b>
<p>Pagsasagawa ng lahat ng kinakailangang hakbang upang mag-ayos at gumamit ng transportasyon na hindi ibinibigay ng pangunahing tagapag-alaga ng kalahok upang makarating sa mga lugar sa komunidad, tulad ng pagsakay sa Uber o Lyft, taxi, bus, o pagsakay na may di-pormal na suporta. Kasama sa mga hakbang sa pag-aayos ng transportasyon ang paggamit ng app o pagtawag upang magtakda ng iskedyul ng pagsakay, paghihintay sa lugar ng pagsundo sa napiling oras, pakikipag-ugnayan sa tsuper o kumpanya kung kinakailangan, at pagbabayad para sa pagsakay.</p>	<p>Ang kalahok ay hindi nagagawang maipahayag ang kanilang mga kagustuhan, pangangailangan, at interes sa iba sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan, tulad ng pasalita o nakasulat na komunikasyon, American Sign Language, komunikasyon gamit ang kumpas ng kamay, mga kagamitang pantulong sa komunikasyon o aplikasyon, o Picture Exchange Communication System (PECS). Ang komunikasyon ay tumutukoy lamang sa pagsama sa kalahok sa mga nakatakdang konsultasyong medikal at mga therapy.</p>